



LAYUNIN NG LARO

Ang Just One ay isang cooperative party game. Lahat ay maglalaro upang makuha ang pinakamataas na score!

Magtutulungan kayo upang mahulaan ng isang player ang Mystery Word sa pamamagitan ng pagsulat ng clue sa inyong easel.

Pipili ka ng clue nang hindi kayo nag-uusap; at kailangang iba ang clue mo sa ibang player dahil lahat nang magkakaparehong clue ay buburahin bago ito ipakita sa manghuhula.

Pagkatapos ng laro, bilangin ang iyong score base sa kung ilang salita ang nahulaan.

CONTENTS

- 110 cards
- 7 easels
- 7 erasable felt markers
- Rulebook

SETUP

- 1) Balasahin ang mga cards at bumunot ng 13 para bumuo ng isang deck. Ibalik ang ibang cards sa kahon, hindi na ito gagamitin sa laro.
- 2) Bigyan ng easel at felt marker ang bawat maglalaro.
- 3) Pumili kung sino ang unang manghuhula.



Isa-isang magkakaroon ng turn ang bawat player.
Ang bawat turn ay magkakaroon ng Mystery Word.

1 PAGPILI NG MYSTERY WORD

Ang player na huhula ng Mystery Word ay bubunot ng card mula sa ibabaw ng deck **nang hindi ito tinitignan**, at ilalagay sa kanyang easel upang makita ng **ibang** players ang mga salita (isang side ng easel ay may suporta para doon ipapatong ang card).



Ang manghuhula ay pipili ng **numero mula 1 hanggang 5** para makita ng ibang mga players ang Mystery Word na ipapahula.

Tandaan: Kung hindi alam ng mga players ang piniling salita, pwede nilang sabihan ang manghuhula na pumili ng ibang numero.

2 PAGSULAT NG CLUE

Lahat ng players ay magsusulat ng clue sa easel nang **hindi nakikipagusap sa ibang players**, at nang **hindi ipinapakita sa iba**. Ang clue ay dapat isang salita lamang.

Tandaan: Mga numero, letra, acronym, onomatopoeia, o mga simbolo ay pwedeng gamitin bilang one word clue. Halimbawa: 007 ay clue para kay Bond, riiiiing o SMS para sa telepono, at P ay pwedeng clue para mahulaan ay pera.

Bawal na clue:

- **Ibang spelling** ng Mystery Word.
Halimbawa: Hindi pwedeng clue ang Keleg para mapahula ang salitang Kilig.
- Ang Mystery Word na isinalin sa **ibang wika**.
Halimbawa: Hindi pwedeng clue ang Star para mapahula ang salitang Bituin.
- Salita na **parehong pinanggalingan** ng Mystery word.
Halimbawa: Hindi pwedeng clue ang Prinsesa para mapahula ang salitang Prinsipe.
- **Imbento** na salita.
Halimbawa: Hindi pwedeng clue ang sabogboghog para mapahula ang salitang Bulkan.
- Salita na **katunog** ng Mystery Word pero **iba ang kahulugan niya**.
Halimbawa: Hindi pwedeng clue ang Whether para mapahula ang salitang Weather.

OVERVIEW

wat player, paikot hanggang sa maubos ang deck.
ay nakahati sa **4 na bahagi**.



PAGKUMPARA NG MGA CLUE

Pag nasulat na ng lahat ng players ang clue nila,
pipikit ang manghuhula.

Habang nakapikit ang manghuhula, ipapakita
ng ibang players ang mga easel nila sa isa't isa.
**Lahat ng magkakapareho o bawal na clue ay
ikakansela.** Upang ikansela ang clue, pwede
itong itago o burahin.



Magkaparehong clue:

- **Magkaparehong** salita.
Halimbawa: Daga at Daga ay magkapareho.
- Pareho sila ng **pinanggalingan** na salita.
Halimbawa: Prince at Princess ay magkapareho.
- Clue na **katulad** o **nanggaling** sa isa pang clue:
pwedeng iniba ang spelling, iniba lang ang kasarian,
o plural form ng ibang salita.
*Halimbawa: Prince and Princes, Tita at Tito, Philosophy at
Filosofie ay magkaparehong clue.*

Tandaan: Kung lahat ng mga clue ay nakansela, ibalik ang
card ng Mystery Word sa kahon at pumunta sa bahagi
na End of Turn.



PAGHUHULA

Pagkatapos ikansela ang mga magkapareho
o bawal na clue, **maaari nang dumilat ang
manghuhula at hulaan** ang Mystery Word gamit
ang mga natitirang salita. Mayroon lamang siyang
ISANG HULA.

▶ RESULTA:



Tama ang hula

Kung **nahulaan** ang Mystery Word: ilagay ang
card **naka face up** sa tabi ng deck.



Mali ang hula

Kung **hindi nahulaan** ang Mystery Word: ibalik
ang card **AT** ang card na nasa ibabaw ng deck
sa game box.

●●● Skip

Pwedeng hindi sumagot ang manghuhula at **i-skip
na lang ang turn nila**. Sa ganitong pagkakataon,
ibalik lang ang card ng Mystery Word sa game box.

Tandaan:

- Kung ang hula ay kapareho ng pagbigkas sa Mystery Word,
itinuturing na tama ang kanyang hula.
- Kung mali ang hula sa pinakahuling turn, magtanggali
ng card mula sa mga nahulaan at tamang card.



END OF TURN:

Ang player na nasa **kaliwa** ng manghuhula ang
magiging **kasunod na manghuhula**.

Tandaan: Siguraduhing nabura nang maayos ang lumang
clue bago magsimula ng bagong turn.

KATAPUSAN NG LARO

Matatapos ang laro pag ubos na ang deck.

Bilangin ang mga cards na tama ang hula at ikumpara dito para makuha mo ang iyong **score**:

TAMANG HULA	SCORE
13	Tagumpay! Kaya n'yo bang gawin ulit?
12	Magaling! Hanga kami sa inyo!
11	Mahusay! Pwede nang ipagyabang!
9-10	Wow, pwede na!
7-8	Sakto lang. Kaya n'yo bang galingan pa?
4-6	Ok lang. Try again!
0-3	Subok, subok lang.

VARIANT PARA SA 3 PLAYERS

Pag 3 lang ang players, pareho pa rin ang rules ng game pero may kaunting pagkakaiba:

Habang sine-setup ang laro, ang **bawat player ay kukuha ng tig-dalawang easel**.

Kapag magsusulat na ng clue, ang **bawat player ay magbibigay ng dalawang clue** at hindi isa lang.

Ang magkaparehong clue ay ikakansela pa rin habang nasa bahagi ng *PAGKUMPARA NG MGA CLUE* ng laro.



CREDITS

Designers: **Ludovic Roudy & Bruno Sautter**

Development: « **Les Belges à Sombreros** »

aka **Cédric Caumont & Thomas Provoost**

Editorial Assistants: **Virginie Gilson & Pierre Berthelot**

Art Direction: **Alexis Vanmeerbeeck**

Artwork: **Éric Azagury & Florian Poulet**

Repos Team: **Nicolas Boseret, Thomas Vermeir, Guillaume Pilon, Cédric Chevalier, Géraldine Volders, Nicolas Pastor, Nastassja Vandepeutte, Nicolas Koenig, Régis Van Cutsem and Winnie Kenis.**

Thanks: The whole team thanks **Philippe Gérard** and **Charlotte Van Driessche** for their proofreading.

Filipino translation: **Hans Kenner Fernandez, Ella Bugayong-Pabellano, Luke Pagcatipunan, Willo Turingan**

© REPOS PRODUCTION 2018 FOR ALL VERSIONS.
ALL RIGHTS RESERVED UNDER EXCLUSIVE LICENCE
TO REPOS PRODUCTION.

REPOS PRODUCTION • Rue des Comédiens, 22
1000 Brussels - Belgium

+32 471 95 41 32 • www.rprod.com

Distributed in The Philippines by Gaming Library
www.gaminglib.com

The contents of this game can only be used
for purposes of strictly personal and private
entertainment.

